

COVID-19: INCOME SUPPLEMENT SCHEME

Mga Tala ng Patnubay at Application Form

1 Background

Ang Coronavirus (kilala sa tawag na COVID-19) (ang **Virus**) ay patuloy na nagbibigay ng isang pangunahing masamang epekto sa pangkalahatang ekonomikong aktibidad sa Falkland Islands at sa buong mundo. Marami sa mga negosyo sa Falklands ay nakaranas ng kabawasan sa benta at sa mga kita bilang isang resulta. Para matulungan ang mga negosyo na makapagpatuloy sa pagbebenta, ang Falkland Islands Government (FIG) ay nagbibigay ng iba't-ibang uri ng suporta.

Ang mga negosyo, na kung saan ang mga may-ari at mga empleyado nito ay nangailangang mag-self isolate o manatili sa bahay o yaong mga naapektuhan ng self-isolation ng ibang tao ay maaaring magkaroon ng karapatan sa suporta sa ilalim ng **Employment/Self-Employment Support Scheme**, at ang mga detalye nito ay makikita sa www.fig.gov.fk/covid-19.

Sa mga negosyo na hindi makapag-maintain ng kanilang kasalukuyang workforce o pasweldo, kita, at iba pang benepisyo para sa trabaho ng kanilang empleyado sa lahat ng anatas, ay maaaring makakuha ng suporta para sa empleyado, sa ilalim ng **Job Retention (Furlough) Scheme**, at ang mga detalye nito ay makikita sa www.fig.gov.fk/covid-19.

Para matulungan yaong mga nasa self-employment (kasama ang mga sole traders, mga magkasosyo, casual workers, at iba pa) na nakaranas ng kabawasan sa benta at kita dahil sa Virus, ang FIG ay nagbibigay ng kabayaran sa kanila, para sa panahon ng hanggang sa nobentang (90) araw at sa rate o bayad na hanggang sa pinakamataas na £2,500 kada buwan, isang suplementong kita para masiguro na ang netong buwanang kita ng kanilang negosyo ay hindi malaglag sa ibaba ng otsenta (80) porsyentong karaniwang netong buwang kita ng negosyo (maaaring ma-adjust kung kailangan dahil sa panahon), ayon sa paksa ng **Income Supplement Scheme** (ang **Scheme**), na kung saan ang mga terms nito ay nakalahad sa paragraph 2 sa ibaba. Ang mga negosyong ito ay maaaring mag-claim ng suporta para kanilang mga empleyado sa ilalim ng **Job Retention (Furlough) Scheme** na nakasaad sa itaas (mapapailalim sa mga terms na ito).

Maaaring ianunsyo ng FIG ang mga karagdagang mga hakbang (o bawasan) ang sakop ng, o kung hindi man ay baguhin ang mga terms ng Scheme na ito sa hinaharap.

Ang mga aplikanteng self-employed na may sintomas ng Virus na nangailangang mag self-isolate sa loob ng labingapat (14) na araw o higit pa bilang pag-iingat (o sa loob ng tatlong (3) buwan o higit pa na kung saan ang taong ito ay kasama sa mga kategorya ng mga nanganganib na mga indibidwal), at yaong mga taong nakasalamuha na may sintomas, na nangailangan din na mag self-isolate ng hanggang sa labingapat (14) na araw, ay magpapatuloy na maging karapat-dapat para sa claim sa ilalim ng Employment/Self-Employment Support Scheme na magpapatuloy na mag-operate alinsunod sa mga terms nito. Gayunpaman, ang mga self-employed na aplikante na inatasan ng FIG na manatili sa bahay ng hanggang sa dalawampu't walong (28) araw ng dahil sa Virus bilang hindi mahahalgang mga manggagawa (bilang nakasaad sa paragraph 2.6(e) sa ibaba) at hindi makapagtrabaho mula sa bahay noong panahon na iyon ay, ng may bisa mula ika-24 ng Abril 2020, ay hindi na maaaring mag-claim ng suporta sa ilalim ng Employment/Self-Employment Support Scheme ngunit sila ay maaari pa ring mag-claim sa ilalim ng Scheme na ito (mapapailalim sa mga terms na nakasaad sa ibaba).

2 Mga Tuntunin o Terms ng Suporta

Sa ilalim ng Scheme, ang FIG ay magbibigay ng mga bayad suporta, (na nakasaad sa paragraph 2.6(j)) sa at napapailalim sa mga tuntunin na itinakda sa ibaba (mga **TUNTUNIN o TERMS**):-

2.1 ***Sa Pangkalahatan:*** Ang Scheme ay naaangkop sa kahit anong karapat-dapat na aplikanteng self-employed na, nang dahil sa pangunahing masamang epekto ng Virus, ay nakaranas ng kabawasan sa kanilang buwanag kita kung ikukumpara sa antas ng kanilang buwanag kita sa panahon ng kanilang nakaraang dalawang financial year (o sa loob ng panahong iyon mula ng sila ay nagsimula sa kanilang negosyo, kung kakaunti sa dalawang taon), na nagbunga ng kabawasan sa kanilang karaniwang buwang netong kita.

2.2 ***Bayad-Suporta para sa mga Self-Employed na Negosyo:*** Bilang respeto sa bawat isang self-employed na aplikante na kwalipikado sa ilalim ng Scheme at nag-claim ng suporta para sa isa o higit pang panahon ng Claim (alinsunod sa paragraph 2.4), babayaran sila ng FIG, sa kabuuang tagal ng kanilang Claim, isang Bayad-Suporta (na nakalkula alinsunod sa paragraph 2.7(b) sa ibaba) na kung saan ang aplikante ay nakaranas ng kabawasan sa kanilang Kita at Netong Kita (na nakasaad sa mga paragraph na 2.6(f) at (d) na magkasunod sa ibaba) sa loob ng panahon ng Claim, dahil sa masamang epekto sa pangkalahatang ekonomiko na naidulot ng Virus.

2.3 ***Hangganan ng Bayad-Suporta:*** Ang mga Bayad-Suporta na ibibigay ng FIG sa bawat aplikante ay hindi, at sa kahit anong pagkakataon, lalampas sa kabuuang £2,500 kada buwan sa loob ng panahon ng Claim.

2.4 ***Panahon ng Claim:*** Ang Suporta sa ilalim ng Scheme ay makukuha sa panahon ng Termino o Tagal ng Scheme. Sa loob ng panahon na ito, ang aplikante ng may claim para sa Bayad-Suporta para sa isa o higit pang panahon ng Claim na kanilang pipiliin, kung ang kahit na anong panahon ng Claim ay hindi bababa sa pitong (7) araw at matatapos sa o bago ang petsa ng Termino o Tagal ng Scheme.

2.5 ***Pagsisimula at Panahon ng Scheme***

- (a) Ang Scheme ay magkakaroon ng bisa sa Petsa ng Pagsisimula at, sasailalim sa mga paragraph na 2.5(b), 2.9(b), at 4.3, ay patuloy na magkakabisa sa panahon ng Termino o Tagal ng Scheme (at para sa karagdagang panahon, ay kinakailangan na maproseso at makagawa ng mga Bayad-Suporta na na-claim sa panahon ng Termino o Tagal ng Scheme.
- (b) Walang limitasyon sa kapangyarihan ng FIG na baguhin o ipatigil ang Scheme alinsunod sa paragraph 2.9(b), ang Scheme ay sasailalim sa pagsusuri sa o mula ika-30 ng Hunyo 2020.

2.6 ***Mga Kahulugan:*** Hinggil sa mga layunin ng Scheme:-

- (a) Ang ibig sabihin ng **Panahon ng Claim** ay ang panahon na kung saan ang aplikante ay magsasagwa ng claim para sa Bayad-Suporta sa ilalim ng Scheme na ito, bilang ito ay hindi bababa sa pitong (7) araw at magtatapos sa o bago ang petsa ng pagtatapos ng Termino o Tagal ng Scheme;
- (b) Ang **Petsa ng Pagsisimula** ay sa ika-24 ng Abril 2020;
- (c) Ang ibig sabihin ng **KEMH** ay King Edward VII Memorial Hospital at/o ang Department of Health and Social Services, kung naaangkop;
- (d) Ang ibig sabihin ng **Netong Kita** ay ang buwanang netong kita ng aplikante mula sa kanyang negosyo na kung saan sila ay magsasagawa ng suporta para sa claim sa ilalim ng Scheme; na naglalaman ng contractual o regular na kita at iba pang benepisyo tulad ng contractual na komisyon ngunit di kasama ang discretionary na komisyon (tulad o kasama ang mga tips), mga kabayaran, at mga bonus, non-cash payments o benefits-in-kind; hindi rin kasama ang presyo na kanilang stock, mga kabayaran sa general na gastos, operational at administratibong gastos, at iba ang kasalukuyang gastos o fixed costs (tulad ng tinukoy ng Scheme Administrator, at mga interes;
- (e) Ang ibig sabihin ng **Hindi Mahalagang Manggagawa** ay ang mga tao na kung saan ang kanilang employment o negosyo ay hindi kasama sa kategorya ng mahahalagang trabaho na inispesika ng FIG sa pana-panahon;
- (f) Ang ibig sabihin ng **Kita o Revenue** ay ang pinagsama-samang kita ng isang aplikante mula sa mga benta na kanilang kalakal at serbisyo na naisagawa bilang bahagi ng kanilang normal na gawaing pang-komersyo para sa negosyo, patingkol sa kanilang isinasagawang claim sa ilalim Scheme ngunit hindi kasama ang mga resibong kapital;

- (g) Ang **Termino o Tagal ng Scheme** ay ang panahon ng nobentang (90) araw sa pagsisimula at mula sa Petsa ng Pagsisimula habang ang Bayad-Suporta ay maaaring i-claim;
- (h) Ang mga **Self-Employed** ay mga sole traders nag-iisang nangangalakal o negosyante, mga kasosyo sa negosyo (ngunit hindi ang mga manggagawa o pinapasweldong kasosyo sa negosyo, o mga miyembro o empleyado ng limited liability partnerships), casual workers o manggagawa na may zero-hours na kontrata at ang mga nag-iisa o pinunong may-ari ng mga kumpanya;
- (i) Ang **Sole Carer** ay ang sinuman na may mag-isa o may prinsipal na responsibilidad sa pag-aalaga ng bata na wala pang labing anim (16) na taong gulang at hindi nakakatanggap ng regular na malakihang suporta mula sa pagtanggap ng responsibilidad na ito sa kanilang asawa, ibang miyembro ng pamilya, o ibang mga tao, o sa mga naghahalinhinan ng responsibilidad sa pag-aalaga ng bata na may isa o higit pang mga indibidwal, na kung saan ang bawat isa sa kanila ay walang kakayahan o hindi makapagbigay ng suporta sa panahon ng self-isolation ng bata; at;
- (j) Ang **vulnerable o higit na nanganganib** ay sinumang nasa edad 70 o higit pa, o may naitukoy na vulnerable o nanganganib ng KEMH sa account ng kahit anong pre-existing medical condition.

2.7 **Mga Bayad-Suporta**

- (a) Ang mga Bayad-Suporta ay ibibigay bilang respeto sa mga aplikante, na nang dahil sa masamang epekto sa pangkalahatang ekonomiko na naidulot ng Virus, ay nakaranas ng kabawasan sa kanilang Kita at Netong Kita. Sa pangyayari na, sa kabila ng masamang epekto sa pangkalahatang ekonomiko na naidulot ng Virus, ang aplikante ay hindi nakaranas ng anumang kabawasan sa kanilang Kita, ang aplikante ay hindi karapat-dapat na makagawa ng claim sa ilalim ng Scheme.
- (b) Sakop ng mga limitasyon na nakasaad sa paragraph 2.3, ang Bayad-Suporta ay maibabayad sa isang aplikante bilang respeto sa negosyo na kung saan sila ay nakagawa ng claim sa ilalim ng Scheme na ito para sa isang buwan sa panahon ng Termino o Tagal ng Scheme ay katumbas ng mga sumusunod bilang respeto sa negosyong nabanggit –

Bayad-Suporta para sa isang buwan = 80% ng Karaniwang Netong Kita bawas ang Target na Buwang Netong Kita

Kung saan:-

- Ang **Karaniwang Netong Kita** ay ang karaniwang buwang Netong Kita ng nasabing negosyo sa panahon ng nakaraang dalawang financial year (sa mas mababang panahon simula ng sila ay nagsimula sa negosyo, kung naaangkop);
- Ang **Target na Buwan** ay ang huling buong buwan ng operasyon ng kanilang negosyo bago ang petsa ng aplikasyon ng aplikante sa ilalim ng Scheme na ito; at
- Ang **Target na Buwanang Netong Kita** ay ang mga Netong Kita ng nasabing negosyo sa kanilang Target na Buwan kung sa mga kalagayan na hindi matukoy ng aplikante ang kanilang Netong Kita sa kanilang Target na Buwanang Netong Kita ay maaaring, sa pagtutukoy ng Scheme Administrator at napapailalim sa kanyang pag-apruba, ay makakalkula sa mga sumusunod:-

Target na Buwanang Netong Kita = Target na Buwanang Kita multiplied sa Average na Operating Margin

Kung saan:-

- Ang **Average na Operating Margin** ay ang ratio ng Karaniwang Netong Kita (na nakasaad sa itaas) sa ibabaw ng Karaniwang Kita;
- Ang **Karaniwang Kita** ay ang karaniwang buwanang Kita ng nasabing negosyo sa panahon ng nakaraang dalawang financial year (sa mas mababang panahon simula ng sila ay nagsimula sa negosyo, kung naaangkop);

- Ang **Target na Buwan** ay tulad ng nakasaad sa itaas;
- Ang **Target na Buwanang Kita** ay ang Kita na nakuha ng nasabing negosyo sa panahon ng Target Month,

Kung:-

- (i) Ang Karaniwang Netong Kita at ang Karaniwang Kita ay isa-isang tatasahin base sa taunang account ng negosyo sa nakaraang dalawang financial year na nabanggit.
 - (ii) Sa kaso ng mga seasonal na negosyo; ang aplikante ay maaaring sumangguni sa Kita at Netong Kita ng parehong buwan ng nakaraang taon o ang karaniwan nilang Kita at Netong Kita para sa nakaraang financial na taon (kung ano ang mas mataas).
- (c) Para sa kahit na anong Panahon ng Claim na mababa sa isang buwan ang tagal, ang Bayad-Suporta ay ang pro rata na share na ang halaga ay nakalkula batay sa nakasaad sa paragraph 5.7(b); at para sa kahit na anong Panahon ng Claim na mataas sa iang buwan ang tagal, ang Bayad-Suporta ay itataas ng proporsyonal (sasailalim sa bawat kaso ng may limitasyon na nakasaad sa paragraph 2.3 sa itaas).
- (d) Ang Panahon ng Claim ay hindi dapat bumaba sa pitong araw ang haba, at dapat magtapos sa o bago ang petsa ng pagtatapos ng Termino o Tagal ng Scheme.
- (e) Ang employer ay makakagawa ng claim sa ilalim ng Job Retention (Furlough) Scheme bilang respeto sa empleyado na isa ring self-employed at nagtatrabaho ng part-time, sa kabila ng kung nais ng empleyado na gumawa o gagawa ng kanilang claim sa kanilang kapasidad bilang self-employed sa ilalim ng Scheme na ito. Gayunpaman, ang kabuuang suporta na ibibigay sa ilalim ng Scheme na ito at sa ilalim ng Job Retention (Furlough) Scheme para o bilang respeto sa empleyado na iyon ay hindi lalampas sa £2,500 kada buwan sa panahon ng Furlough (bilang nakasaad sa Job Retention (Furlough) Scheme) o sa kahit na anong Pamahon ng Claim. Responsibilidad ng self-employed na aplikante na ikumpirma kung sila ay empleyado din, at kung gayon, ipaalam sa FIG ang kanilang employer o mga employer kung gagawa ng kanilang application.
- (f) Kung ang self-employed na aplikante ay:-
- (i) ini-require ng KEMH na mag-self isolate dahil sa sila ay may mga sintomas na nauugnay sa Virus, sa loob ng labingapat (14) na araw o higit pa at hindi makapagtrabaho mula sa bahay sa mga panahong iyon;
 - (ii) ini-require ng KEMH na mag-self isolate dahil sa ang isa sa mga miyembro ng kanilang tahanan ay nagpapakita ng sintomas na nauugnay sa Virus at ini-require na mag self-isolate, at hindi makapagtrabaho mula sa bahay sa mga panahong iyon;
 - (iii) vulnerable o nanganganib na tao na ini-require ng KEMH na mag self-isolate sa loob ng tatlong (3) buwan o higit pa at hindi makapagtrabaho mula sa bahay sa mga panahong iyon; o
 - (iv) sole care na ini-require ng KEMH na mag self-isolate sa loob ng labingapat (14) na araw o higit pa at hindi makapagsagawa ng kanilang trabaho mula sa tahanan sa mga panahong iyon

Ang aplikante ay maaaring gumawa ng claim sa suporta sa ilalim ng Employment/Self-Employment Support Scheme (mapapailalim sa mga terms ng Scheme na iyon) o sa ilalim ng Scheme na ito ngunit hindi makakatanggap ng suporta mula sa parehong Scheme ng magkasabay. Ang self-employed na aplikante ay ini-require ng FIG na manatili sa bahay na nang dahil sa Virus ay natuloy na hindi mahalagang manggagawa ng hanggang sa dalawampu't walong araw at hindi makapagtrabaho mula sa bahay sa mga panahong iyon ay karapat-dapat na mag-claim ng suporta sa ilalim ng Employment/Self-Employment Support Scheme sa panahon ng hanggang sa at kasama ang ika-23 ng Abril 2020. Ngunit sa bisa ng at mula ng Petsa ng Pagsisimula, ang nasabing aplikante ay kailangang mag-claim ng Bayad-Suporta sa ilalim ng Scheme (mapapailalim sa terms). Ang mga aplikante na kung saan ang suporta ay naibigay sa ilalim ng Employment/Self-Employment Support Scheme ay maaaring mag-claim ng Bayad-Suporta sa ilalim ng Scheme na ito (mapapailalim sa

terms) kung ang isang claim ay hindi maisagawa sa ilalim ng Scheme na ito at sa ilalim ng Employment/Self-Employment Support Scheme bilang respeto sa parehong aplikante para sa parehong panahon.

- (g) Ang mga Bayad-Suporta sa ilalim ng Scheme na ito ay gagawin makalipas ang dalawang linggo o kada buwan, o sa nasabing mga agwat sa pagdedesisyon ng Scheme Administrator; at sa paraan ng Accounts Payable System ng FIG (o sa kahit anong paraan na pipiliin ng Scheme Administrator). Ang mga aplikante na hindi nakarehistro sa System na ito at kailangan na magpasa sa FIG ng Scheme New Creditor Form. Para maging karapat-dapat, ang mga aplikante ay kailangang magpanatili ng current bank account sa Standard Chartered Bank sa Stanley.

2.8 **Ang mga Claimant**

- (a) Ang mga sumusunod ay hindi karapat-dapat na gumawa ng claims para sa Bayad-Suporta sa ilalim ng Scheme na ito:-

- (i) mga statutory na korporasyon at iba pang mga kinatawan na tumatanggap ng regular at malaking halaga ng pera mula sa FIG (tulad ng sa ang malaking bahagi ng subvention ay kasama sa proseso ng budget ng FIG at ang kinatawan na tumatanggap nito ay nakapangalan sa mga aprubadong estima ng FIG);
- (ii) ang Museum and National Trust (na nakatatag alinsunod sa Museum and National Trust Ordinance ng 1991);
- (iii) mga gobyerno at mga awtoridad sa publikong mga bansa o teritoryo bukod sa Falkland Islands;
- (iv) mga aplikante na nagsasagawa ng mga aktibidad ng buo o malakihang ginanawa sa labas ng Falkland Islands at
- (v) mga aplikante na nakikibahagi sa Ministry of Defence (**MoD**) at kanilang mga sub-contractors (kasama ng walang limitasyon, yaong ang mga pangalan ay nasa Taxes and Duties (Defence Contractors' Employees Exemption) Order 2019), na sa bawat kaso, hanggang nakikibahagi sa MoD-related na trabaho and hanggang sa ang mga aplikante o sub-contractors ay tumatanggap ng suporta na may kinalaman sa Virus mula sa MoD o sa iba pang kagawaran o opisina ng Gobyerno ng UK sa mga terminong may kahalintulad dito (bilang pagtutukoy ng Scheme Administrator) sa mga suporta na makukuha sa ilalim ng Scheme.

- (b) Para maging karapat-dapat sa kahit anong Grant Payments sa ilalim ng Scheme, ang aplikante ay dapat na:-

- (i) Naging kabahagi sa isang kaparehong self-employed na negosyo ng hindi bababa sa tatlong buwan bago ang pagsisimula ng (unang) Panahon ng Claim (o, sa kaso ng mga seasonal na negosyo, kahit na sa kaparehong tatlong buwan na panahon noong nakaraang taon ng pagbubuwis), ay dapat magpatuloy sa kalakal (napapailalim sa kahit anong kapansanan sa paggawa ng dahil sa Virus) at balak, sa kasiyahan ng Scheme Administrator, na magpatuloy sa kalakal ng nasabing negosyo sa panahon ng pagbubuwis sa taong 2020;
- (ii) Naging kabahagi ng kanilang self-employed na negosyo ng kahit na hanggang sa pitong (7) oras kada linggo;
- (iii) At kung ang isang indibidwal , ay nagkaroon (o, kung ang aplikante ay kasosyo o nasa unincorporated na asosasyon, ang bawat kasosyo o kamiyembro ay dapat na) ng karapatan na tumira at magtrabaho sa Falkland Islands, mayroong current at balidong karapatan, permit o consent para layunin na iyon, at isang residente ng Falkland Islands sa kabuuan ng kanilang Panahon ng Claim;
- (iv) Kung ito ay isang kumpanya o ibang kinatawan ng korporasyon o charity, maginga marapat na incorporated o nakatatag at nakarehistro sa ilalim ng mga batas ng Falkland Islands o may karapatan na magsagawa ng negosyo sa loob ng Falkland Islands.

- (c) Ang mga Self-Employed na tao na empleyado rin ng FIG sa kahit anong kapasidad at kumikita ng £2,500 kada buwan (sa kabuuan) o higit pa mula sa trabahong iyon ay walang karapatan na mag-apply sa kanilang kapasidad na self-employed para sa suporta sa ilalim ng Scheme, kung ang kahit sinong tao ay kumikita ng mas mababa sa £2,500 kada buwan (sa kabuuan) mula sa kanilang trabaho sa FIG, ay may karapatan na mag-claim ng isang bahagi ng magagamit na suporta sa ilalim ng paragraph 2.1 (sa pro-rata na batayan kung naaangkop) katumbas ng halagang £2,500 ng sa bawat buwan, bawas sa kanilang buong buwanang sweldo mula sa FIG (na tutukuyin ng Scheme Administrator).
- (d) Ang self-employed na aplikante ay maaaring mag-claim para sa isa o higit pang Panahon ng Claim sa loob ng Termino o Tagal ng Scheme alinsunod sa paragraph 2.4. Ang aplikante ay maaaring mag-claim para sa isa o higit pang Panahon ng Claim sa kahit isang application. Kung ang aplikante ay gagawa ng mga claims para sa isang Panahon ng Claim sa isang application ngunit nagnanais na mag-claim para sa isa o higit pang karagdagang Panahon ng Claim, kailangan nilang magpasa ng isang bagong application.
- (e) Ang self-employed na aplikante sa ilalim ng Scheme na ito ay karapat-dapat na mag-claim ng karagdagang suporta sa ilalim ng Job Retention (Furlough) Scheme (nasasailalim sa terms nito).
- (f) Sa paggawa ng isang application para sa Bayad-Suporta, ang bawat self-employed na aplikante ay kumakatawan at sumisiguro na ang lahat ng impormasyon na nakasaad sa application at ang kahit anong dokumento na kasama sa application o kung hindi man ibinigay na may kaugnay sa Scheme ay, sa abot ng kanilang kaalaman at paniniwala (at nagawa na ang lahat ng makatwirang mga katanungan), ay totoo, tama, napapanahon, at kumpleto.
- (g) Ang mga Bayad-Suporta ay magiging kita sa buwis sa kanilang mga kamay at mapapailalim sa kita o iba pang buwis alinsunod sa mga tuntunin o terms ng Taxes Ordinance (bilang susugan) at kahit anong kaugnay na batas sa pagbubuwis depende sa kanilang mga indibidwal na kalagayan.

2.9 ***FIG at ang Pangangasiwa sa Scheme***

- (a) Ang Scheme na ito ay pinangangasiwaan ng Financial Secretary na may kasamang suporta ng Head of Finance (kasama ang **Scheme Administrator**)
- (b) Ang FIG ay maaaring, sa paghuhusga nito, pahabain (o paikliin) ang haba ng Termino o Tagal ng Scheme, baguhin ang mga kategorya ng mga claimant sa ilalim ng Scheme, amyendahan ang mga Termino, o kung hindi man magsagawa ng mga pagbabago, o itigil, ang Scheme sa kahit anong oras. Sa kaganapan na pahabain (o paikliin) ang haba ng Termino o Tagal ng Scheme, ang Scheme Administrator ay may karapatan na paikliin o pahabain ang kahit anong Panahon ng Claim kung naaangkop o magbigay ng suporta sa pro-rata na batayan bilang respeto sa bawat kabawasan ng Panahon ng Claim. Ang kahit pagbabago ay maaaring ipaalam (ng hindi bababa sa pitong (7) araw na notice) sa bawat indibidwal na claimant o sa pamamagitan ng pampublikong patalastas sa Gazette o sa website ng FIG.
- (c) Ang FIG ay may karapatan na mag-audit ng pagsunod ng bawat aplikante sa Mga Tuntunin o Terms ng hindi bababa sa tatlong araw ng pagtatrabaho o working days' na may paunang nakasulat na paunawa o notice; at ang aplikante ay dapat na magbigay sa FIG ng daan sa mga impormasyon, lugar, mga empleyado, at ahente, bilang sa makatwirang kahilingan ng FIG.
- (d) Ang FIG ay may karapatan na kumuha ng patunay sa estado ng Self-Employed na aplikante at sa mga claims sa ilalim ng Scheme na may pagtukoy kanilang buwis at iba pang mga tala o records na pinapanatili sa FIG Tax Office o sa ibang kagawaran sa loob ng FIG.
- (e) Sa kaganapan na ang self-employed na aplikante ay lumabag sa mga requirements ng Scheme o alinman sa mga gawain nito, o nagbigay ng maling impormasyon para sa layunin ng Scheme, o nakapaninlang o kung hindi man sa paglabag sa paragraph 2.8(f) sa itaas, ang FIG ay may karapatang ipabalik ang mga Bayad-Suporta na naibigay sa ilalim ng Scheme (ng buo o bahagi) at upang mabawi

ang halagang iyon bilang isang utang na sibil o civil debt. Sa kaganapan na ang aplikante ay tumanggap ng mas maraming Bayad-Suporta na mas mataas sa dapat nilang makuha sa Scheme, may karapatan ang FIG na mabawi ang anumang labis na pagbabayad mula sa nasabing aplikante. Ang anumang mapanlinlang na aktibidad na may kaugnayan sa Scheme ay maaaring sumilalim sa paglilitis na kriminal.

3. Applications sa ilalim ng Scheme

- 3.1 Upang makakuha ng suporta sa ilalim ng Scheme, kailangan mong magpasa ng isang kumpletong application form na nakasaad sa **Annex**. Ang impormasyon na iyong ibibigay sa form na ito, sa kahit anong dokumento na isasama mo sa iyong application o kung hindi man may kaugnayan sa Scheme, ay magiging bahagi ng kasunduan na iyong pinasukan sa FIG na may kaugnayan sa Scheme. Dahil ang mga dokumentong ito ay legal na magbubuklod sa magtatagumpay na mga aplikante, pinapayuhan kang kumuha ng iyong sariling independent na legal na payo sa mga nilalaman, epekto, at mga implikasyon nito.
- 3.2 Sa pagpapasa ng isang application at/o pagtanggap ng kahit anong suporta sa ilalim ng Scheme, ikaw ay maituturing na tumanggap at sumasang-ayon sa kinasasaklawang, ng mga Tuntunin o Terms at sa pamamagitan ng iyong mga pagpapahayag o declaration na nakapaloob sa iyong application.
- 3.3 Kung ang aplikante ay may mga katanungan o nangangailangan ka ng tulong sa pag-kumpleto ng application form na ito, maaraing mag e-mail sa treasury.support@sec.gov.fk o tumawag sa numerong 28400.

4. Ang Proseso ng Application

- 4.1 Para mag-apply para sa suporta sa ilalim ng Scheme na ito, maaring magpadala ng nakumpletong *"Income Supplement Scheme: Application Form"* sa Scheme Administrator sa paraan ng e-mail (treasury.support@sec.gov.fk, tulad ng sa itaas) o ipadala sa pamamagitan ng post sa Treasury, Secretariat, Stanley, Falkland Islands, FIQQ 1ZZ.
- 4.2 Ang application ay dapat na suportado ng kopya ng mga dokumento na naklista sa application form (o kung ano ang kailangan).
- 4.3 Ang mga applications ay maaaring ipasa sa kahit anong oras sa Panahon o Tagal ng Termino ng Scheme hanggang na makapagbigay ng abiso na wala nang karagdagang pondo na magagamit sa ilalim ng Scheme. Ang bawat application ay dapat na maipasa bago ang katapusan ng Termino o Tagal ng Scheme o sa petsa na nakasaad sa patalastas.
- 4.4 Kailangang ipagbigay-alam ng aplikante sa Scheme Administrator ang kahit anong pagbabago ng impormasyon na nakalagay sa kanilang application.
- 4.5 Ang mga application ay pag-aaralan ng Scheme Administrator na maaaring humiling at tumanggap ng karagdagang impormasyon o paglilinaw mula sa aplikante kung kinakailangan. Magsisikap ang Scheme Administrator na mag-desisyon sa isang application at ipapaalam ang kanyang desisyon sa lalong madaling panahon na ito ay maisagawa (at sa kahit anong pangyayari sa loob ng dalawampu't isang (21) araw) pagkatapos na matanggap ang aplikasyon.

ANNEX

COVID-19: INCOME SUPPLEMENT SCHEME

Application Form

1. Mga Detalye mula sa Aplikante

Pangalan ng (mga) Aplikante	
Pangalan ng Trade o Negsoyo (kung naaangkop)	
Address ng Negosyo	
Numero ng Telepono	
Numero ng Mobile	
Email Address	
Address ng Bahay (kung naiiba sa itaas)	
Numero ng Telepono	
Numero ng Mobile	
Email Address	
Numero ng Kumpanya (kung naaangkop)	
Numero ng Charity (kung naaangkop)	
Nakarehistrong Address ng Opisina (kung naaangkop at kung iba sa nakasaad sa itaas)	
Tax Identification/Reference Number	
Uri ng Negosyo	
Petsa ng Pagsisimula ng Negosyo	

(Maaaring ipagpatuloy sa hiwalay na pahina kung kinakailangan)

2. Bank Details ng Aplikante

Prinsipal na Bank Account sa Standard Chartered Bank, Stanley: - Account Name - Account Number	
---	--

3. Mga Detalye ng Claim

Panahon o Tagal ng Claim (o mga Claim) (Petsa Simula hanggang Katapusang Petsa)	
--	--

A	Karaniwang Netong Kita sa nakaraang dalawang financial year (o sa panahon simula ng nagsimula ang negosyo, kung mababa sa dalawang taon) Para sa mga seasonal na negosyo: Netong Kita sa kaparehong buwan ng nakaraang taon o ang Karaniwang Buwanang Netong Kita para sa nakaraang financial year (kung ano ang mas mataas)	£
----------	---	---

B	80% ng iyong Karaniwang Buwanang Netong Kita para sa nakaraang dalawang financial year(o sa panahon simula ng nagsimula ang negosyo, kung mababa sa dalawang taon) – halimbawa, 80% ng kabuuan halaga ng nasa letrang A	£
C	Mga Netong Kita para sa isang buong buwan ng pag-ooperate ng negosyo bago ang petsa ng application Kung hindi mo matukoy ang kabuuang halaga, pakipunan ang mga kahon na nakalagay sa mga letrang D hanggang G	£
D	Kita para sa isang buong buwan ng pag-ooperate ng negosyo bago ang petsa ng application	£
E	Karaniwang Netong Kita sa nakaraang dalawang financial year (o sa panahon simula ng nagsimula ang negosyo, kung mababa sa dalawang taon) Para sa mga seasonal na negosyo: Kita sa kaparehong buwan ng nakaraang taon o ang Karaniwang Buwanang Netong Kita para sa nakaraang financial year (kung ano ang mas mataas)	£
F	Average na Operating Margin – halimbawa, ang ratio ng kabuuang halaga sa letrang (A) sa ibabaw ng halaga sa letrang (E)	£
G	Estima ng Netong Kita para sa huling isang buong buwan ng operasyon ng negosyo bago ang petsa ng application – halimbawa, ang halaga sa letrang (D) multiplied sa halaga sa letrang (F)	£

Ang halaga ng ike-claim para sa isang buwan - Ang halaga sa (B) ay mas mababa sa halaga ng nasa (C); o - Kung hindi mo matukoy ang halaga sa ©: ang halaga sa (B) bawas sa halaga ng nasa (G)	£
--	---

Bilang pagdaragdag sa mga aktibidad sa iyong negosyo, ikaw ba ay empleyado ng FIG? Kung oo, paki-confirm ang iyong buwanan/lingguhang sahod/kita.	Oo / Hindi * £
Bilang pagdaragdag sa mga aktibidad sa iyong negosyo, ikaw ba ay empleyado ng isa o higit pang mga third party? Kung oo, pakibigay ang mga pangalan at address nito, at i-confirm kung, sa abot ng iyong kaalaman, sila ba ay magsasagawa ng claims para sa iyo bilang kanilang empleyado sa ilalim ng Job Retention (Furlough) Scheme.	Oo / Hindi * Panagalan: Address: May Claim sa ilalim ng Scheme - Oo / Hindi * Panagalan: Address: May Claim sa ilalim ng Scheme - Oo / Hindi *

* Tanggalin kung kinakailangan

(Maaaring ipagpatuloy sa hiwalay na pahina kung kinakailangan)

4. Mga Kasamang Dokumento

Pakisama ang mga sumusunod na dokumento sa iyong application:-

Financial statements mula sa nakaraang dalawang taon o panahon simula nang nagsimula ang iyong negosyo (kung bababa sa dalawang taon) (o iba pang impormasyon sa pananalapi na maaaring magamit, na napapailalim sa karapatan ng Scheme Administrator upang humiling ng karagdagang impormasyon).

NB:

Ang mga seasonal na negosyo ay dapat na makapagbigay ng detalyadong breakdown ng kanilang Netong Kita at kanilang Kita sa parehong buwan ng nakaraang taon o ang kanilang Karaniwang Buwanang Netong Kita at Kita para sa nakaraang financial year.

Ang mga Casual Workers at yaong mga nasa zero-hours na kontrata ay dapat na magbigay ng mga payslips sa loob ng nakaraang dalawang taon (o kung maaari ay sa panahon na iyon kung posible na may hindi bababa sa tatlong buwan).

***Scheme New Creditor Form**

**ibibigay ng aplikante na hindi pa nakarehistro sa Accounts Payable System ng FIG*

5. Deklarasyon o Pagpapahayag

Bilang pagsasaalang-alang sa grant ng Bayad-Suporta sa akin/ang aplikante* sa ilalim ng Scheme na ito, ako, na nakapirma nakapirma (bilang Self-Employed na indibidwal/ o para sa aplikante na nakalagay sa application na ito), ay nagpapatunay, tinatanggap, at magsasagawa na (bilang isang aplikante/bilang na-otorisa ng aplikante na isagawa ito para sa kanya*) na:-

* Tanggalin kung kinakailangan

Pakitandaan: Kung isasagawa ito ngalan ng isang aplikante na nakapangalan sa itaas ng walang karampatang otorisasyon para gawin ito, ang nakapirma ay maaaring personal na mananagot sa kahit anong paglabag sa deklarasyon na ito.)

- Sa abot ng aking kaalaman at paniniwala/kaalaman at paniniwala ng aplikante* (pagkatapos maisagawa ang lahat ng mga makatwirang katanungan), ang lahat ng impormasyon na nakalagay sa application na ito at ang mga kasamang dokumento o kung hindi man ibinigay na may kaugnay sa Scheme ay totoo, tama, napapanahon, at kumpleto.
- Ako / Ang aplikante ay * may karapatan na mag-claim ng Bayad-Suporta sa ilalim ng Scheme na ito.
- Ako / Ang aplikante ay * susunod sa mga Tuntunin o Terms.
- Sa panahon ng suporta para sa akin / sa aplikante*, ang (mga) claim sa ilalim ng Scheme na ito (**Panahon o Tagal ng Claim**) at sa dahilan ng pangunahing masamang ekonomikong epekto ng Virus, ako / siya * ay nakaranas ng kabawasan sa aking /kanyang* Kita at Netong Kita (bilang nakasaad dito sa application).
- Ako / Ang aplikante* ay patuloy na naging self-employed sa parehong sariling negosyo ng hindi bababa sa tatlong (3) buwan bago ang pagsisimulang petsa ng Panahon o Tagal ng Claim, o, sa kaso ng aking / kanyang* seasonal na negosyo, ako/ siya* ay patuloy na naging self-employed ng hindi bababa sa kaparehong panahon ng tatlong (3) buwan noong nakaraang tax year ng 2019.
- Sa basehan ng pagiging self-employed, ako / ang aplikante* ay okupado sa aking sariling negosyo ng higit sa pitong oras kada linggo.
- Gagamitin ko / ng aplikante* ang kahit anong Bayad-Suporta na aking / kanyang* matatanggap sa ilalim ng Scheme na ito ay para suportahan, at mapanatili ang solvency ng, aking / kanyang* negosyo (bilang nakasaad sa itaas).
- Ako / Ang aplikante* ay magpapatuloy sa kalakal (maliban na lamang kung hindi dahil sa pagkakasakit)* sa panahon ng Panahon ng Claim at sa loob ng tax year ng 2020.
- Ako ay / Ang aplikante ay (bilang isang indibidwal o sa kasosyo o ibang unincorporated na asosasyon, ang bawat isang kasosyo o mga miyembro) ay* may karapatan na manirahan at magtrabaho sa Falkland Islands, at may current, balidong karapatan, permit o consent para sa layunin na ito, at ako / siya* ay residente sa Falkland Islands sa kabuuang Panahon ng Claim.
- Kung ito ay isang kumpanya o kumakatawan sa ibang corporate o charity, ang aplikante ay duly incorporated o nakapagtatag at nakapagrehistro sa ilalim ng mga batas ng Falkland Islands o may karapatan na magsagawa ng negosyo sa loob ng Falkland Islands, at ang lahat ng ito o ang malaking bahagi nito ay isinasagawa dito sa Falkland Islands ilang respeto sa kung ano ang kine-claim na suporta sa ilalim ng Scheme.
- Kung naaangkop, aking / ang aplikante ay nakumpirma sa kanyang (mga) employer na nakapangalan sa itaas na ako / siya* ay self-employed biang sa basehan ng pagiging part-time, at naibigay ko/niya* ang trading name nito at ang address sa kanyang kapasidad at nakumpirma na ako/ siya* ay gumawa/o gagawa ng claim bilang respeto sa aking/kanyang* self-employment sa ilalim ng Scheme na ito.

- Sa kabila ng mga probisyon ng Taxes Ordinance 1997 (bilang pagamyenda) o sa kahit anong mahalagang legal, regulatory o iba pang mga requirement o polisiya, ako/ang aplikante* ay sumasangayon sa paglalahad ng aking / kanyang* buwis at iba pang mga records na pinapanatili ng Tax Office o ng ibang kagawaran sa loob ng FIG kung naaangkop para sa FIG na iberipika ang aking / kanyang* estado sa pagiging self-employed at mga claims sa ilalim ng Scheme na ito.
- Ang kahit anong Bayad-Suporta na aking/na kanyang* matatanggap sa ilalim ng Scheme na ito ay kita sa buwis at dadaan sa kahit anong pagbubuwis bilang pagsunod sa mga tuntunin o terms ng Taxes Ordinance (bilang susugan) at kahit anong kaugnayan na batas sa pagbubuwis, depende sa aking/ kanyang* indibidwal na kalagayan.
- Kahit anong paglabag ko/ng aplikante* sa mga Tuntunin or Terms o requirements ng Scheme na ito o alinman sa mga gawain na nakasaad sa itaas, o sa pagbigay ko/niya* ng maling o mapaninlang na impormasyon dito, o sa kaugnay nito, ang application na ito ay magbibigay karapatan sa FIG na ipabalik, mabawi, at matigil ang kahit anong Bayad-Suporta na naibigay sa ilalim ng Scheme na ito (ng buo o bahagi).

(Mga) Pangalan:-

** (Mga) Pirma: _____ Petsa: _____

*Ang mga dokumento ay maaaring pirmahan sa orihinal o sa elektronikong format kung naaangkop.